



U.S. Department of Justice

**Community Relations Service**  
[kaugnayan sa koommunidad] **(CRS)**

Mga Serbisyo at Programa

Wala tayong pag-asa na lutasin ang ating mga problema  
na hindi gagamitin ang pagkaiiba-iba, ang sigasig,  
at ang pagkamalikhain ng *lahat ng tao*

► ROGER WILKINS, DATING CRS DIRECTOR AT PINUNO NG CIVIL RIGHTS



# Mga Serbisyo at Programa

Nagkakaloob ang CRS ng mga serbisyong pangpamadali, pagpamagitan, pagsasanay, at pagsangguni na nagpapahusay ng mga kakayahan ng mga komunidad para sa paglutas ng problema at paunlarin ang karunungan upang pigilin at tumugon sa pagtatalo, pagkabahala, at mga krimeng kasuklanan batay sa lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, o kapansanan. Nagkakaloob ang CRS ng mga program na naplanong palakasin ang mga samahan ng komunidad at nagtutupad ng batas, gayon din ang mga programang batay sa paaralan na nagpapahusay ng paglutas ng problema sa pagitan ng mga pinunong estudyante. Ang mga layunin ng lahat ng mga programa na CRS ay tulungan ang mga panig na nagdadanas ng pagtatalo na matutuhan ang tungkol sa mga makakaibang tanawin, makibahagi ng impormasyon tungkol sa mga gamit-yaman at pinakamahusay na mga gawi, at alalayan ang mga komunidad habang kinikilala nila at nagtutupad ng mga kalutasan. Habang nasadya ang ilang programa ng CRS para sa tanging grupo, maaaring inangkop ang pinakamaraming programa sa isang tanging grupo o katipunan.





## Mga Programang Pampagsasanay ▼

### **Pagsasanay Ukol sa Nagpapatupad ng Batas at ang Komunidad ng Nagpapalit ng Kasarian [Transgender]**

Nagkakaloob ang programa na ito sa mga nagpapatupad ng batas at pinuno ng pamahalaan ng mga mahalagang pagkahulugan at pinapayong salita kaugnay sa komunidad ng transgender, ang epekto ng mga krimen ng kasuklaman laban sa mga taong transgender, at mga estratehiya ukol sa komunidad ng transgender.

### **Pakikisangkot at Pagbubuo ng mga Samahan sa mga Muslim at Sikh American**

Ang mga layunin ng dalawang programa na ito ay dagdagan ang pagkabatid ng madla sa mga usaping kaugnay sa karapatang pangmamayan na may-epekto sa mga Muslim at Sikh American; pataasin ang pag-uunawa ng mga paniwala at gawain pampananampalataya ng mga Muslim at Sikh American upang pahasayin ang pakikipag-usap at kaligtasang pangmadla ng lahat na mga kasapi sa komunidad; at magkaloob ng mga pinakamahusay na gawi sa pakipagtulungan sa mga Muslim at Sikh American.



### **Contingency Planning: Reducing Risk During Public Events** **Pagpapalano para sa Di-inaasahan: Pagbawas ng Panganib sa mga Pangyayari.**

Dinadagdagan ng programa na ito ang kaalaman ng mga kalahok kung papaano magplano nang ligtas ng pagtitipong pangmadla, kagaya ng mga demonstrasyon, upang bawasan ang maaaring karahasan. Kabilang din ang panahon para ang mga kalahok ay bumuo ng angkop na plano upang maghanda para sa at pangasiwaan ang isang pagtitipon, at tantyahan at tukuyin ang mga maaaring usapin para mapanatiling ligtas ang madla habang nagaganap ang pagtitipon.

### **Mga Tagapangasiwa ng Pagtitipon: Pag-alalay ng Kaligtasan Tuwing mga Pagtitipong Pangmadla.**

Hinirang ang mga Tagapangasiwa ng Pagtitipon upang alalayan ang isang ligtas at matagumpay na pagtitipon sa pamamagitan ng pagiging pangunahing kaugnay ng mga kalahok sa tipanan. Ang layunin ng programa ay ipaliwanag ang mga inaasahan sa mga Tagapangasiwa, gayon din ang kahalagahan ng papel nila sa pag-alalay ng kaligtasan ng madla habang nagaganap ang pagtitipon.



## Mga Programang Pampadaling Paglutas ng Problema ▼

### **Strengthening Police and Community Partnerships (SPCP) Pagpapalakas ng Ugnayan ng Pulisya at Komunidad (SPCP)**

Pinagtitipon ng SPCP ang nagpapatupad ng batas at mga magkaibang pinuno ng komunidad sa mga usaping pampaglutas ng problema na nakatuon sa pagpahusay ng kaligtasan ng madla sa pamamagitan ng pagdagdag sa tiwala at pagpaunlad ng mga samahan. Naplano ang programa na dagdagan ang lokal na karunungan at paunlarin ang mga kalutasan upang tukuyin ang mga usaping pangkaugnayan ng pulisya-komunidad.

### **Usapin Tungkol sa Lahi**

Pinagtitipon ng programang Usapin Tungkol sa Lahi ang mga magkaibang kalahok mula sa komunidad upang makipagpalitan ng impormasyon, magbahagi ng mga sariling kuwento at kasaysayan, magpahayag ng mga tanawin, linawin ang mga paniwala, at paunlarin ang pag-unawa. Sa pamamagitan ng paraan ng pag-uusap, nakikilala ng mga kalahok ang mga pagkakaayon at mga paraan na maisagawa nang sama-sama upang pahusayin ang ugnayan sa komunidad.



### **Sama-samang Pagkilala ng mga Problema sa Paaralan-Estudyante at Paglutas ng mga Usapin (School-SPIRIT)**

Kinakasangkot ng School-SPIRIT ang mga pinunong student, nangangasiwa ng paaralan, at iba pang mga kasapi sa komunidad ng paaralan sa pagkilala ng mga usapin na may-epekto sa kanilang paaralan at pagpaunlad ng mga kalutasan upang ayusin ang mga usaping iyon. May katumbas na programa na maaabot para sa kaligiran ng kolehiyo o unibersidad, na tinatawag na Campus-Site Problem Identification and Resolution of Issues Together (Campus-SPIRIT).

### **Sama-samang Pagkilala ng mga Problema sa Bayan-Komunidad at Paglutas ng mga Usapin (City-SPIRIT)**

Pinagtitipon ng City-SPIRIT ang mga magkaibang may-kapakanan sa komunidad, kagaya ng mga pinuno pangmadla, nagtutupad ng batas, komunidad na batay sa pananampalataya, at mga grupo sa komunidad, upang kilalanin ang mga usaping may-epekto sa kanilang komunidad at paunlarin ang mga kalutasang nagbabawas ng pagtatalo, pinapahusay ang pakikipag-usap, at pinabababa ang kalamangan ng pagtatalo sa hinaharap.



## Mga Tipunang Pampagtalakay ng Komunidad na Nakatuon sa Pagtugon sa mga Krimen ng Kasuklaman ▼

### Tipunang Pampagtalakay ukol sa mga Pangyayaring Di-makatwirang Pagkiling at Krimen ng Kasuklaman

Pinadadali ng CRS ang mga pagtitipun-tipon ng mga lokal at federal na nagpapatupad ng batas at mga samahang batay sa komunidad upang magbahagi ng mga paraan para labanan at tumugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at krimen ng kasuklaman. Pinadadali din ng mga pagtitipun-tipon na ito ang pagpalitan ng impormasyon at palakasin ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga may-kapakanan.

### Pangalagaan ang Bahay-Sambahan

Nagkakaloob ang pagtitipun-tipon na ito ng pagpalitan ng pinakamahusay na gawi upang tulungan ang mga komunidad na pangalagaan ang mga bahay-sambahan laban sa mga maaaring banta. Binabahagi ng mga pinuno ng pamahalaan ang mga patnubay upang matiyak ang katiwasayan ng lugar at mga gamit-yaman upang magbuo ng mga plano pangkatiwasayan. Pinagtitipun ng Protecting Places of Worship ang mga lokal at federal na nagpapatupad ng batas at mga samahan na batay sa pananampalataya sa isang pag-uusap na nagkakaloob ng impormasyon at mga gamit-yamang kaugnay sa mga batas pang-krimen-ng-kasuklaman, mga active shooter, at katiwasayan ng lugar sa mga bahay-sambahan.



## Mga Karagdagang Serbisyo ▼

Sa karagdagan sa mga nakalistang programa, nagkakaloob ang CRS ng mga sumusunod na serbisyo...

**Pinasadya na mga pinadaling pag-uusap** upang simulan ang mga paraan pampakikipag-usap at pahusayin ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga may-kapakanan sa komunidad

**Mamagitan ng pagtatalo** na gamit ang estrukturang paraan at pormal na harapang pagtitipon ng mga may-kapakanan sa komunidad.

**Mga serbisyo pampagsangguni** upang magkaloob ng mga pinakamahusay na gawi na makakatulong sa mga komunidad nang tumugon ng mas mabisa sa mga pagtatalo sa pamamagitan ng pinahusay na pakikipag-usap, mga samahan, paglutas ng mga salungatan, at sama-samang paglutas ng problema.

Tinutulungan ng CRS ang mga panig sa pamamagitan ng naibang pagtanghal at paglinaw ng mga usapin, pagtangan ng mga maaaring kalutasan, at pag-alalay ng pagpaunlad ng mga plano pampagkilos, na mag-aakay ang lahat na ito sa mga panig nang pasulong patungo sa paglutas ng mga pagtatalo sa mga paraan na matatanggap ng lahat.

Ang kapayapaan ay isang *paglakbay*  
ng isang libong milya at dapat gawin nang isa-  
isang hakbang.

► LYNDON B. JOHNSON

## Tungkol sa CRS ▼

Itinatag ng Title X ng Civil Rights Act noong 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009, ang CRS ay nagsisilbi bilang “America’s Peacemaker” para sa mga komunidad na humaharap ng pagkabahala o pagtatalo batay sa pagkakaiba ng lahi, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, at kapansanan. Sadya ng mga serbisyo ng CRS na pabutihin ang kakayahan ng mga komunidad na lokal na pigilin at lutasin nang hiwalay at sama-sama ng mga pagtatalo sa hinaharap sa pamamagitan ng paggamit ng pagtutuos ng problema, nadagdagan na kaalaman, at pinahusay na pakikipag-usap.

[www.justice.gov/crs](http://www.justice.gov/crs)

## Mga Kinaroroonan ng CRS ▼

**CRS Headquarters** 📍  
[punong himpilan]  
Washington, DC

**Mga CRS Regional** 📍  
[sangay pampook]

**Office New England**  
Boston, MA

**Northeast**  
New York, NY

**Mid-Atlantic**  
Philadelphia, PA

**Southeast**  
Atlanta, GA

**Midwest**  
Chicago, IL

**Southwest**  
Dallas, TX

**Central**  
Kansas City, MO

**Rocky Mountain**  
Denver, CO


**Western**  
Los Angeles, CA

**Northwest**  
Seattle, WA

**Mga CRS Field Office** 📍  
[sangay panglarangan]

Miami, FL  
Detroit, MI

Houston, TX  
San Francisco, CA



Alaska



Hawaii



Puerto Rico and  
the Virgin  
Islands



Guam

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o mga ibang serbisyo ng CRS, makiugnay sa inyong lokal na tanggapan ng CRS: <https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices>



U.S. Department of Justice

## Community Relations Service (CRS)

Hanapin kami, makiugnay sa amin ▼

[www.justice.gov/crs](http://www.justice.gov/crs)



@DOJ\_CRS



[facebook.com/DOJCRS/](https://facebook.com/DOJCRS/)



[askcrs@usdoj.gov](mailto:askcrs@usdoj.gov)



202.305.2935